1

# Mathematics 1

## Microlearning Module

### QUARTER 3 – Module 1

***Collecting Data in One Variable Through a Simple Interview***




Microlearning Module

REGION XII - DIVISION OF SULTAN KUDARAT

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Mathematics 1**
**Microlearning Module (MLM)**
**Quarter 3 – Module 1:** Collecting Data in One Variable Through a Simple Interview
**First Edition, 2024**

Republic Act 8293, Section 176 states that "No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines." However, obtaining prior approval from the government agency or office where the work originated is required for the commercial use of such work. This agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Materials borrowed for this module (e.g., songs, stories, poems, images, brand names, trademarks, etc.) are the property of their respective copyright owners. The publisher and authors do not assert ownership or representation over them.

**Published by the Department of Education- RO XII, Division of Sultan Kudarat**

**Development Team**

Writer : Sheryl N. Berja

Editor : Judy Ann C. Barretto,
Hazel D. Olegario,
Elsie S. Yson

Evaluator : Marybeth F. Palma, PhD

Illustrator : Dinmark L. Malones

Cover Art Designer: Jann Mark P. Oriel

Management Team: Crispin A. Soliven Jr., CESE – Schools Division Superintendent
Meilrose B. Peralta, EdD – Asst. Schools Division Superintendent
Ismael M. Ambalgan –Chief, CID
Sheryl L. Osano – EPS, LRMS

**Printed in the Phillipines by**

**Department of Education – Region XII, Division of Sultan Kudarat**

Office Address: Kenram, Isulan, Sultan Kudarat
Telefax: 064-471-1007
E-mail Address: depedsk.r12@deped.gov.ph

**MICROLEARNING MODULE**

Pangalan: ______________________Baitang at Pangkat: _________ Iskor: _______
Asignatura: _________________________Kuwarter: _______MLM Bilang. ________
Guro: ______________________________________________________________________
Kasanayang Pagkatuto: Collect data in one variable through a simple interview

---

## A. Ating Balikan!

**Panuto:** Ibigay ang tamang sagot sa mga sumusunod na mga tanong. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno.

1. Si Dahabby ay pumitas ng 24 na pulang rosas sa kanilang hardin. Si Bai Afnan naman ay pumitas ng 35 puting rosas sa kanilang hardin. Ilan lahat ang napitas na rosas nina Dahabby at Bai Afnan? __________________________

2. Binigyan ng Ate si Jacob ng 15 holen. Binigyan naman siya ng 22 holen ng kanyang kaibigan. Ilang holen lahat ang natanggap ni Jacob? __________________________

## B. Anong Bago?



**Panuto:** Tingnan ang larawan at sagutan ang mga tanong sa ibaba.

1. Ilan ang puno ng mangga?
   a. 3　　b. 4　　c. 5　　d. 6
2. Ilang basket ang napitas na bungang mangga?
   a. 1　　b. 2　　c. 3　　d. 4
3. Ilan ang bunga ng punong mangga na malapit sa mga bata?
   a. 22　　b. 23　　c. 24　　d. 25
4. Ilang ibon ang lumilipad sa ibabaw ng mga punong mangga?
   a. 6　　b. 7　　c. 8　　d. 9
5. Ilan lahat ang batang namitas ng bungang mangga?
   a. 1　　b. 2　　c. 3　　d. 4

## C. Ano ito?


Ang datos ay mga numero, larawan at iba pang bahagi ng impormasyon.

Kapag marami ang nalikom na datos, kailangang pangkatin at bilangin ang mga ito ayon sa kanilang uri at dami.

Isa sa mga paraan ng paglikom ng mga datos ay sa pamamagitan ng panayam.

Halimbawa:

Nakapanayam ni Andrew si Natoy tungkol sa tamang pagtatanim ng mga gulay sa kanilang bakuran.



Ang mga Gulay ni Natoy
Ni: Sheryl N. Berja

Binisita ni Natoy ang kanilang gulayan sa likod ng kanilang bakuran. Sa hindi inaasahang pagkakataon, napansin niya na ito ay dinagsa ng mga insekto at kulisap. Nabahala si Natoy sa nakita. Maaring masira ang kaniyang mga panamim. Kaya dali-dali niyang pinuntahan si Andrew para kumonsulta.

Mga katanungan ni Andrew kay Natoy:

1. Ilang uri ng insekto ang nakita mo sa inyong gulayan?

   Sagot: May 4 na uri ang insekto na nasa gulayan.

2. Ano-ano ang mga uri ng insekto?

   Sagot: paruparo, langgam, higad o *caterpillar,* salagubang na pula *o ladybug*

3. Ilan ang mga paruparo?

   Sagot: 4 ang paruparo

4. Ilan ang mga langgam?

   Sagot: 10 ang langgam

5. Ilan ang mga *caterpillar*?

   Sagot: 3 ang *caterpillar*

6. Ilan ang *ladybug*?

   Sagot: 7 ang *ladybug*

## D. Ating Subukin!

### Gawain 1

**Panuto:** Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang mga tanong pagkatapos nito.

### Mga Paboritong Laro ng mga Bata

Si Jaeden ay isang bagong mag-aaral sa Mababang Paaralan ng Pag-asa. Siya ay masayang nagmamasid sa mga kamag-aral na naglalaro. Nakita niya ang pitong batang naglalaro ng tagutaguan, anim na batang naglalaro naman ng Tumbang Preso, tatlo naman ang aso at pusa, at sa

isang sulok ng kanilang silid-aralan ay may dalawang batang naglalaro ng *Jackstone*. "Kay gandang pagmasdan ang aking mga kamag-aral na naghihiyawan sa kanilang paglalaro", ang turan niya sa kaniyang sarili.

Mga Katanungan:

1. Ano ang pamagat ng panayam? ______________________________
2. Ilang bata ang may gusto sa larong Tumbang Preso? ______________________________
3. Anong laro ang pinakapaborito ng mga bata? ______________________________
4. Anong laro ang may pinakakaunti ang nagkagusto? ______________________________
5. Ilan lahat ang mga bata sa panayam? ______________________________

Ang mga kasagutan ay maaring ipresenta gamit ang tsart:

| Mga Laro | Tally |
|---|---|
| Taguan | 卌 II |
| Tumbang Preso | 卌 I |
| Aso Pusa | III |
| *Jackstone* | II |

**Gawain 2**

**Panuto:** Tanungin ang buong miyembro ng pamilya. Ano ang kanilang paboritong kulay at ilagay ang tamang datos sa tsart na nasa ibaba sa pamamagitan ng *tally marks.*

| Mga Kulay | Miyembro ng pamilya |
|---|---|
| pula | |
| dilaw | |
| asul | |
| dalandan | |
| berde | |

**Gawain 3**

**Panuto:** Suriin ang larawan at sagutin ang mga katanungan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

Ito ang datos ng mga nagawang basket nina Nena at Lita.

| Mga Nagawang Basket nina Nena at Lina | |
|---|---|
| Mga Gumawa ng Basket | Bilang ng mga Nagawang Basket |
| Nena | 𝍸 I |
| Lita | IIII |
| Kabuoan | 10 |

1. Ilan lahat ang mga basket na nagawa ni Nena?
   a. 5 b.6 c. 7 d. 8

2. Ilan naman ang nagawa ni Lita?
   a. 2 b. 3 c. 4 d. 5



3. Kaninong gawa ang mas marami?
   a. Nena c. Lita
   b. wala sa kanilang dalawa d. Nena at Lita

4. Tungkol saan ang *pictograph*?
   a. Mga nagawang basket nina Nena at Lita
   b. Mga nagawang bag nina Nena at Lita
   c. Mga nagawang paypay nina Nena at Lita
   d. Mga nagawang bulaklak nina Nena at Lita

5. Kung pagsamahin ang mga gawa nina Nena at Lita, ilang basket lahat ang nagawa nila?
   a. 6 b. 8 c. 10 d. 12

## E. Tayahin natin!

**Panuto:** Unawain ang mga datos na nasa ibaba at sagutin ang mga tanong.

| Pangalan ng Prutas | Bilang ng Prutas |
|---|---|
| bayabas |  |
| santol |  |
| *star apple* |  |
| guyabano |  |
| saging |  |

1. Ilan ang may gusto ng:
   bayabas ______
   santol ______
   *star apple* ______
   guyabano ______
   saging ______


2. Anong prutas ang mas maraming may gusto? ______________________________________

3. Aling prutas naman ang may kaunting boto?________________________________

4. Ilan ang pinagsamang bilang ng *star apple* at guyabano?____________________________

5. Ilan naman ang pinagsamang bilang ng pinakamarami at pinakakaunting prutas?________________________________

**Challenge.** Understand the given data and answer the question. Write your answer on the blank.

| Vegetables | Number of Family Member Who Like Vegetables |
|---|---|
| eggplant  |  |
| okra  |  |
| sayote  |  |
| squash  |  |
| carrots  |  |

1. Looking at the table above, what is it all about?

_________________________________________

2. What is the most favorite vegetable? What is the least favorite?

___________________________________________

3. If we add the most liked and the least liked vegetable, how many vegetables are there in all?

___________________________________________

4. What are the given data? List them on the space provided.

___________________________________________

5. Arrange your data from least to greatest according to your data collected.

___________________________________________

**F. Mga Sanggunian**


DepEd Matatag Curriculum Guide 2023

Padilla, Danilo S., Rodrigo V. Pascua, Lolita P. dacuba, Marivic M. calelao, Dahlia L. Silvana and maybellene A. Garlejo 2017 Mathematics I,

Chezelle Joyce C. Oraiz, K to 12 MELC/ Fourth Quarter LM Mathematics 1 p.137

**DISCLAIMER**

This Microlearning Module has been developed by DepEd - Division of Sultan Kudarat for educational purposes only. It is designed to supplement classroom instruction and should not be used as the sole source of information. Teachers are encouraged to exercise their professional discretion and tailor the content to suit their students' individual needs.

This resource is the exclusive property of DepEd-Division of Sultan Kudarat and is accessible to enrolled learners solely for academic purposes, at no cost. Any reproduction or conversion of this material in any form is strictly prohibited.

**REGION XII - DIVISION OF SULTAN KUDARAT**

# Answer Key

**Mathematics 1**

**Quarter 3 – Module 1:** Collecting Data in One Variable Through a Simple Interview

Ating Balikan:

1. 59
2. 37

Anong Bago

1. A
2. C
3. D
4. A
5. C

Ating Subukin

1. Mga Paboritong Laro ng mga Bata
2. 6
3. Taguan
4. *Jackstone*
5. 18

Gawain 2
Maaring magkakaiba ang sagot

Gawain 3

1. 6
2. 4
3. A
4. A
5. C

Gawain 4
Maaring magkakaiba ang sagot

Tayahin natin!

1. Bayabas – 8
   Santol – 5
   Star Apple – 9
   Guyabano – 4
   Saging - 6
2. Star Apple
3. 14
4. Guyabano
5. 13

**Challenge**

1. Favorite Vegetable
2. Eggplant
   Carrot
3. 10
4. 8, 4, 5, 3, 2
   (order may vary)
5. 2, 3, 4, 5, 8